## MULA SA EDITOR

Pahintulutan ninyo akong maging pansamantalang retorikal sa pahapyaw kong pagbibigay ng kuro hinggil sa mga trahedyang natural at likha't udyok ng tao na sunod-sunod na binalikat ng ating bansang nililigalig ng samu't saring pandarambong. Nitong nakaraang taon, winasak ng poot ng kalikasan ang buhay ng marami, at niyugyog ng nakaliliyong korupsyon ang mabubuway na pundasyon ng ating mga institusyong pulitikal. Nag-iwan ng pagkabalisa at hilakbot ang magnitude-5.7 na lindol na yumanig sa Bohol, Cebu, at iba pang bahagi ng Visayas noong Oktubre 15, 2013. Winasak ng malalakas na hangin, ulan, at daluyong ng bagyong Yolanda (Haiyan) ang Visayas at ilang bahagi ng hilagang Mindanao noong Nobyembre 8, 2013.

Halos lunurin tayo ng mga trahedyang ito sa kawalan ng pag-asa. Subalit hindi kinayang wasakin ng mga tribuhadang ito ang malawak na sisidlan ng pagkabayani at pagkakaisa ng mga taong may kakanyahan pang magpamalas ng katatagan ng pagkatao. Kahila-hilakbot ang mga imahe ng trahedyang ito: mga indibidwal na gumagamit ng patpat upang tungkabin sa pagkasalansan ang mga nagpatong-patong na gumuhong bato, mga kamay na naghuhukay ng lupa upang iahon ang mga patay sa pagkakalibing sa putik, mga marurupok na kaluluwang umaasa sa mga bangaw sa pag-amoy ng patay at buháy, mga taong nakapila na nagsusumamo ng awa at tulong nang hindi nawawalan o tinatanggalan ng dangal. Lumalaslas ng kaluluwa ang mga tagpong ito, subalit may kung anong humanidad ang mababanaag sa mga nakakikilabot na imaheng ito, at ito ay ang kapasidad na magpakatao sa isang bansang umaalingawngaw sa paligid ang ugong ng korupsyong pulitikal, sa isang bansang dinarambong ng mga nasa poder ang kaban ng bayan at kung saan-saan ikinukubli ang kanilang mga kinulikbat, sa isang bansang pinamumugaran ng mga diyos ng kasinungalingan na humahabi ng mga walang kawawaang kuwentong sumasabotahe sa lahat ng bagay na marangal.

Nais kong bigyang-diin na ang mga lunan ng mga trahedyang ito ay nasa isang hugpungan kung saan nagtatagpo at nagaganap ang interaksyon ng mga bagay na biophysical at sosyo-pulitikal. Likás ang pinsalang dulot ng kalikasan (bagamat maraming "natural" ang hindi talaga natural bagkus ay mas dulot o udyok ng tao), subalit ang mga pinsalang dulot ng mga trahedyang ito ay bunga ng magkakaugnay na galaw ng kalikasan, tao, at

ISSN 1655-1524 Print / ISSN 2012-0796 Online

pulitika. Sabayang magkasalalay sa isa't isa ang kalikasan at lipunan (Freudenberg, 2000). Kung huhugot ako ng paralelismo sa isinulong ni Hann (1998) tungkol sa tinatawag na property relations, ang ugnayan natin sa kalikasan ay hindi lamang tungkol sa ugnayan natin sa ating kapaligiran; ang ugnayan natin sa kalikasan ay higit tungkol sa ugnayan ng tao sa kapwa tao tungkol sa kalikasan.

Para ko na ring pinahintulutan ang lupit ng dramang nasaksihan natin noong isang taon kung hindi ako magbibigay ng maikling pahayag sa trahedya at pulitika ng hagupit ng kalikasan. Tila napakawalang konsiyensya ng *Social Science Diliman* na ilabas ang isyung ito kung mananahimik lamang ito na parang walang nangyari noong isang taon, lalo't kung iisipin na ang mga hapdi ng mga latay ng mga pangyayaring iyon ay patuloy pa rin nating nararamdaman hanggang ngayon. Kaya't paanyaya na rin ang editorial na ito sa ating mga mambabasa na magsumite ng mga artikulong sumusuri sa political ecology ng mga trahedya ng kalikasan.

Sapat na sa yugtong ito ang pagiging retorikal sa drama ng mga bagay-bagay. Hayaan na ninyong ipakilala ko ang mga artikulo sa isyung ito ng Journal.

Binigyang-tuon ni Grace Liza Yushida Concepcion sa "Disciplinary Cases of Filipino Teachers in the Late 19th Century" ang salimbayan ng mga ugnayang panlipunang namamagitan sa mga pari, guro, magulang, at mga pulitiko sa antas lokal. Ang salimbayang ito ay bunga ng proyektong kolonyal sa edukasyon ng pamahalaang Espanyol sa Pilipinas. Mahalaga ang pagsusuri ng artikulo sa mga espesipikong kaso ng pagdidisiplinang isinagawa ng mga pari sa mga indio na umaagapay sa malalalim na pagbabagong nagaganap sa isang lipunang dumaranas ng transisyon, na ayon sa isa sa mga reviewer ng artikulo, mula "quasi-theocracy" tungo sa isang modernong lipunan. Importante ang pagsusuri sa mga kasong ganito dahil ang mga paring ito ang siya ring gumagampan ng tungkulin bilang tagapangasiwa ng mga paaralan at tagapasiyasat ng mga bagay-bagay na nagaganap rito sa isang panahong dahan-dahan nang humihina ang tangan nila sa iba't ibang uri ng kapangyarihang panlipunan. Isa ring mahalagang kontribusyon ng pag-aaral ay kung paanong maaaring gamitin ang mga dokumentong archival hinggil sa mga guro bilang mayamang baul ng mga bagong kaalaman hindi lamang tungkol sa kasaysayan ng edukasyon sa Pilipinas kundi maging sa pangkalahatang kalagayang panlipunan ng bansa noong ikalabinsiyam na

siglo. Naniniwala kami na makapupukaw ang artikulo sa interes ng mga mag-aaral at iskolar ng kasaysayan, edukasyon, batas, at lipunang Filipino.

Nasa isyu ring ito ang artikulong "Belief as an Evaluative and Affective Attitude: Some Implications to Religious Belief" ni Leander P. Marquez, na kinukuwestyon ang diskursong analitiko (analytic discourse) ng paniniwala (belief). Ironikal ang artikulo dahil sa pamamaraang analitikal ay ipinapaliwanag nitong ang katangiang evaluative (pagkukuro) at affective (pandamdamin) ng paniniwala ay isa ring matibay na paraan ng pagpapaliwanag kung bakit tumatangan ang tao sa mga bagay na walang lohika, walang saysay, walang likás na pagkukuro sa katotohanan, o walang katwiran (o irasyonal). Para sa marami, may mga paniniwalang hindi tama at mali, o hindi tama o mali. Halimbawa, ang mga paniniwalang may kinalaman sa relihiyon o pananampalataya, bilang mga paniniwalang evaluative o affective, ay paraan ng tao upang bigyang-linaw at gawing katanggap-tanggap ang mga bagay na hindi ganap na maililinaw, o hindi mabubuo ang kaganapan, o hindi mapatutunayan ng katwiran. Ang pagkilatis ng artikulo, bagamat sabayan ring pagkilala nito, sa diskursong analitiko ng paniniwala ay maaaring makatulong sa pagsusulong ng debate o pagtatalo hinggil sa mga pagkaunawang pilosopikal sa paniniwala.

Pilosopikal rin ang isa pang artikulong kabilang sa isyung ito. Ang artikulong "Grammar, Numerals, and Number Words: A Wittgensteinian Reflection on the Grammar of Numbers" ni Dennis A. de Vera ay tungkol sa kung paano natin nagagawang unawain, kahit sa tentatibong paraan, ang ating kabatiran sa mga bagay na matematikal (mathematical objects). Ang pagkabatid sa mga bagay na ito ay batay sa mga formal, pisikal, penomenolohikal, abstrakto, metapisikal, linggwistiko, ontolohikal, funsiyonal (functional), panlipunan, at iba pa nitong potensyal at expresyong kontextual. Isinusulong ng artikulo na ang gamit ng mga "number words" ay hindi laging umaayon sa tinatawag ng awtor na "nakatakdang algorithm o pagkalkula ng kahulugan at pagwawangis (fixed algorithm of meaning and correspondence)." Ang gamit ng mga number words ay maaaring ginagabayan ng o umaayon sa, subalit hindi laging itinatakda ng, maraming kontextual na parametro. Naghahain ang awtor ng problematiko tungkol sa kung paano tayo bumubuo o nagtatakda ng mga pagkilatis ng mga pagkakatulad o pagkakaiba at ng mga posibilidad ng paglilinaw sa o paglikha ng pag-unawa sa mundo. O sa ibang salita, paano ba natin inuunawa at pinagtitibay ang katotohanan o mga pahayag o pagpapakahulugan sa katotohanan?

Sa "Corruption in Mexico: A Historical Legacy," binigyang-tuon ni Nubia Nieto ang patuloy na korupsyon sa Mexico at kung paano ito nagbibigay-katuturan sa pagbubuo at lehitimasyon ng estado sa gitna ng pabago-bagong pagkilala, pagpapahintulot, pagtuligsa, at pagsupil ng mga mamamayan sa pag-abuso ng kapangyarihan ng mga nasa poder para sa kanilang sariling pakinabang. Hindi maipagkakailang may limitasyon sa pagsusuring ang kolonyalismo ang pangunahing sanhi ng korupsyon sa Mexico, subalit nakakapukaw ng interes kung paanong ang pag-uugat nito sa mabuway at mga kontemporaneong institusyong pulitikal ng Mexico ay hindi nalalayo sa mga katotohanan ng historikal at kasalukuyang kondisyon ng Pilipinas, na maaaring katulad rin ng kalagayan ng iba pang mga bansang tulad ng sa Mexico. Nakikita natin sa Pilipinas kung paanong ang masalimuot na tapiseriya ng korupsyon ng mga nabubuhay sa karangyaang pulitikal ay binabale-wala ang mga prinsipyong hinutok ng mga pandaigdigang kasunduan at katibayang konstitusyonal, kabilang ang mga prinsipyo ng wasto at dalisay na pamumuno (good and transparent governance), pananagutang pampubliko (public accountability), at paggalang sa mga karapatang pantao. Maraming malalalim na dahilan kung bakit may pag-aalinlangan tayo sa integridad ng ating mga institusyong pulitikal at sa pagkatao ng ating mga opisyal sa pamahalaan, kabilang ang mga kasabwat na kanilang pinangangalagaan, o ang mga kasabwat na nagkakalinga sa mga pulitikong ito. Naririyan ang kaduda-dudang pork barrel funds, mga di-totoong proyekto at ghost employees, at mga pekeng benepisyaryo ng mga proyekto, mga proyektong labis-labis sa nararapat nitong pondo, mga kwestiyonableng partnership ng pamahalaan at mga pribadong kompanya, mga kayamanang kinulimbat, mga pag-aaksaya sa pondo ng bayan, mga bagong paraan ng pag-iwas sa pampublikong pag-audit, pangingikil, at napakarami pang mga kasalanan sa bayan. Ipinapanawagan ng artikulo ang isang kulturang pulitikal na "nagkokondena sa korupsyon at nagtataguyod ng pananagutang panlipunan."

Masusi namang binigyang-tuon ng artikulong "Precarious Working Conditions and Exploitation of Workers in the Nigerian Informal Economy" ni Akeem Ayofe Akinwale ang bulnerabilidad ng mga manggagawa sa pananamantala sa gitna ng urbanisasyon ng lakas-paggawa. Sinuri ng artikulo kung paanong ang ekonomiyang impormal ng Nigeria ay dulot ng, pinagtitibay ng, at umuusbong kasabay ng di-sapat na suporta buhat sa pamahalaan, kawalan ng katiyakan sa trabaho, kakulangan sa mga proteksyong panlipunan, mga nakaambang panganib sa kalusugan, at kakulangan ng kasiyahan at katuparan sa trabaho. May maikli ring pagtalakay ang artikulo sa ilang naratibo ng mga

manggagawang kabilang sa sektor na ito. Ang mga naratibong ito ay tungkol sa pananamantala sa trabaho na kanilang nararanasan, na nagkukulong sa kanila sa kultura ng kahirapan na, sa proseso, ay naglilimita sa mga posibilidad ng pagbubuo ng mga bagong makatarungang batas para sa mga manggagawa. Hindi tinukoy ng artikulo ang mahahalagang isyu kung paanong mababawasan ang kahirapan at di-pagkakantay-pantay, subalit nakapagpasulyap ito sa kakulangan ng importansya ng pamahalaan ng Nigeria sa pagbibigay ng karampatang pagkalinga para sa tao bilang kapital sa paggawa. Sa bandang huli, nananawagan ang artikulo ng higit na proteksyon sa mga karapatan ng mga manggagawa upang matugunan ang katarungang panlipunan.

Mayroon tayong dalawang review article sa isyung ito. Ang unang review essay ay ang "Mediatized Ethnicity and the Politics of Complicity as told from the City of Pines" ni Laya Boquiren, na ipinapaliwanag kung paanong ang mediation at re-mediation ng mga personang virtual ay nagaganap sa mga praktikal na pulitika ng identidad, etnisidad, at kapaligiran. Haharapin natin ang problematiko ng representasyon ng kasaysayan na may tensyonadong ugnayan sa mga usapin ng gender, uri, etnisidad o lahi, at oryentasyong sexual sa "A Question of Heroines" ni Jaime Oscar M. Salazar—na rebyu ng musical docu-dramang pelikula, *Ang Kababaihan ng Malolos* (2014), na prinodyus ni Nicanor Tiongson at dinirihe nina Kiri Dalena at Sari Dalena.

Bilang pagtatapos, ginugunita ng kasalukuyang isyu ang mga kontribusyon ng antropologong si F. Landa Jocano sa isang maikling pagpupugay ni Carolyn I. Sobritchea.

Pinasasalamatan namin si Narita E. C. de las Alas para sa larawang "Padyak sa Riles" na inilalathala namin sa pabalat ng kasalukuyang isyu.

Bilang pagtatapos, nais kong ipabatid na ginawaran ng Journal Accreditation System ng Commission on Higher Education (CHED) ng Pilipinas ang *Social Science Diliman: A Philippine Journal of Society and Change* ng Kategoryang A-2 status. Ang Kategoryang A-2 ang pinakamataas na grado para sa isang refereed journal sa bansa na wala pa sa indexing ng Thomson Reuters, Scopus, o iba pang akademikong screening ng mga journals sa mundo. Ang status na ito ay epektibo mula 2013 hanggang 2015. Sa ngalan ng editorial team, pinasasalamatan namin ang mga miyembro ng mga naunang editorial team na nagsumikap para marating ng Journal ang kasalukuyan nitong

katayuan, ang lahat ng mga awtor na ipinagkatiwala ang kanilang mga artikulo, at ang mga reviewer na magandang-loob na nagpaunlak ng mga pagtaguyod.

**FROM THE EDITOR**

Please allow me for a moment to wax rhetorically on the natural and human-induced tragedies that chanced upon each other in rapid succession in this land of plunder. Last year, the wrath of Parent Earth crushed full-force the lives of many, and vertiginous political corruption jarred the foundations of our political institutions. The 7.2-magnitude earthquake that jolted Bohol, Cebu, and parts of the Visayas on October 15, 2013 left jitters that sent many into a wave of frenzied panic. The strong winds, rains, and storm surges of powerful typhoon Yolanda (Haiyan) devastated the Visayas and portions of northern Mindanao on November 8, 2013.

These tragedies almost sank our country into despair. The disasters, however, failed to ravage the vast repository of heroism and solidarity among those who have managed to maintain their humanity. Images of these tragedies may, at first, seem bizarre and grotesque: people using sticks to clear the rubble, human hands digging the mud to unbury the dead, fragile human souls relying on flies to detect the living and the dead, people queuing up for a dose of charity that, they hope, does not assault their dignity. These macabre scenes lacerate the soul, but we sense in these images something profoundly human, that is, the capacity to remain humane in a country where political corruption drones in the air, people in high places empty the treasury and stash public money elsewhere, and the gods of unjust myths weave tales of non sequiturs to sabotage everything that is honorable.

I want to stress that the sites of these tragedies lie at the intersection of the biophysical and the sociopolitical in interaction. Nature's wrath is natural (although some "natural" disasters are more socially induced than natural), but its disastrous consequences are simultaneously natural, human-induced, and influenced by and linked to politics. Nature and society are mutually contingent (Freudenberg, 2000). To use Hann's view on property relations (1998), our relationship with the environment is not only about how one relates with the environment; our relationship with the environment is foremost a relationship of humans with other humans concerning the environment.

Not to underscore this point, albeit briefly, is, in my view, an invitation to the tyranny of the drama that the Philippines witnessed last year. It is unconscionable for *Social Science Diliman* to remain silent about last year's tragedies, the ravaging consequences of which continue to profoundly haunt the present. We, thus, hope that this editorial serves as a call for the submission of articles that critically examine the political ecology of environmental disasters.

It is time to tone down the poetic. Let me now introduce the articles in this issue of the Journal.

Grace Liza Yushida Concepcion's "Disciplinary Cases of Filipino Teachers in the Late 19$^{th}$ Century" underscores the dynamics of social relations amongst parish priests, teachers, parents, and local politicians resulting from the Spanish government's colonial project of primary education in the Philippines. The article's significance lies in its analysis of individual cases of disciplinary actions taken by parish priests, who served as local inspectors of schools but whose considerable influence was beginning to wane, against *indio* teachers grappling with profound changes of a society in transition from, as described by one of the article's reviewers, "a quasi-theocracy to a more modern secular state." Another contribution by the article is how archival documents about teachers can serve as a rich mine of new insights not only on the history of education in the country but also on a general view of 19$^{th}$-century colonial history. We are confident that the article can fan the interest of students and scholars of Philippine social history, education, law, and society.

Also in this issue is Leander P. Marquez's "Belief as an Evaluative and Affective Attitude: Some Implications to Religious Belief," which interrogates the analytic discourse on belief. Ironically, the article analytically elucidates the evaluative and affective character of belief, which, for the author, could provide a more plausible and cogent explanation of why people hold on to certain beliefs that tend to be unreasonable, impractical, and irrational. Certain beliefs, for many, are neither true nor false, or are either true or false. Religious beliefs in particular, as something evaluative and affective, explicate people's justification of things that cannot be made sufficiently clear, coherent, or proven by reason. It posits a critique of, and also recognizes, the analytic discourse on belief that in the end may help us further the debate regarding the philosophical understanding of belief.

Another paper in philosophy, "Grammar, Numerals, and Number Words: A Wittgensteinian Reflection on the Grammar of Numbers" by Dennis A. de Vera, deals with how we manage to understand, albeit in a makeshift manner, knowledge of mathematical objects in their formal, physical, phenomenological, abstract, metaphysical, linguistic, ontological, functional, social, and contextual expressions and potentials. Here the author argues that the use of number words does not always obey, in the author's own words, "a fixed algorithm of meaning and correspondence" but is informed or governed by, but certainly not fixated by, "contextual parameters." One reads here a problematization of how we form or delineate distinctions of sameness or differences and potentials of the intelligibility, or constructions, of understanding the world or, in other words, how we understand and practice truths and claims to truths.

Nubia Nieto's article, "Corruption in Mexico: A Historical Legacy," highlights the historical persistence of corruption in Mexico and how its legacy informs the formation and legitimacy of the state in the midst of the citizens' oscillating recognition, tolerance, disgust, and denunciation of the abuse of power by political elites for personal gain. Indeed, there are limits to the assertion by Nieto that colonialism is the root cause of corruption in Mexico, but it is interesting to note how corruption's embeddedness in Mexico's weak colonial and contemporary political institutions intimates a degree of verisimilitude in the historical and current social realities in the Philippines and, perhaps, in many settings similar to Mexico's. In the Philippines, we witness how the intricate tapestry of corruption in high places negates universally accepted and constitutionally mandated principles of good governance, transparency, public accountability, and respect for human rights. Dubious pork barrel funds, ghost projects and employees, overpriced projects, questionable public-private partnerships, phantom project beneficiaries, unliquidated obligations, illegally acquired wealth, sheer waste of public funds, fresh schemes of escaping public audit, extortion, and a host of other sins give us profound reasons to doubt the integrity of our social and political institutions and the character of our public officials and the company they keep or the company that keeps them. We do not end at lamenting the state of our institutions. The article calls for a political culture that "condemns corruption and endorses values of accountability, social responsibility, and transparency."

Akeem Ayofe Akinwale's article, "Precarious Working Conditions and Exploitation of Workers in the Nigerian Informal Economy," takes a close look at the vulnerability of workers to exploitation in light of the country's urbanization of the work force. The article examines how Nigeria's informal economy simultaneously results from, reinforces, and co-emerges with insufficient government support, work insecurity, lack of social protection, risks on health, and job satisfaction and fulfilment, among others. It also includes a brief discussion of the narratives by workers in the informal sector. These narratives are about their vulnerability to exploitative working conditions that enclose them in a culture of poverty, which further restricts potentials for creating new workers' rights. Left unaddressed by the article are crucial specific issues of poverty and inequality reduction, but it has provided us with insights on how human capital is less favored in the informal economy of Nigeria, which brings the article to call for the protection of workers' rights to address justice in the work place.

We present two reviews in this issue. The first review essay, "Mediatized Ethnicity and the Politics of Complicity as told from the City of Pines" by Laya Boquiren sheds light on how the mediation and re-mediation of virtual personas intersect in the pragmatic politics of identities, ethnicities, and the environment. The second review, "A Question of Heroines" by Jaime Oscar Salazar, brings to the fore the problematic of gender, class, ethnicity or race, and sexual orientation in the musical docu-drama *Ang Kababaihan ng Malolos* (*The Women of Malolos*, 2014) produced by Nicanor Tiongson and directed by Kiri Dalena and Sari Dalena.

Finally, we keep F. Landa Jocano in memory through a short piece of appreciation written by Carolyn I. Sobritchea.

We thank Narita E. C. de las Alas for the photo "Padyak sa Riles" featured in the cover of this issue.

Finally, let me announce that *Social Science Diliman: A Philippine Journal of Society and Change* has recently been accorded A-2 status by the Journal Accreditation System of the Commission on Higher Education (CHED) of the Philippines. A Category A-2 status is the highest rank for a refereed Philippine journal not yet indexed in Thomson Reuters, Scopus, or any international group that evaluates scientific journals. The CHED accreditation for the

Journal is effective from 2013 to 2015. On behalf of the editorial team of the Journal, we wish to extend our thanks to members of the previous editorial teams who crafted what the Journal is today, the authors who have entrusted us their articles, and the reviewers who have graciously extended us their support.



**Eulalio R. Guieb III, PhD**
Editor-in-Chief

**REFERENCES:**

Freudenburg, W. R. (2000). Social constructions and social constrictions: Toward analyzing the social construction of 'the naturalized' as well as 'the natural'. In G. Spaargaren, A.P.J. Mol, & F.H. Buttel (Eds.), *Environment and global modernity* (pp. 103-119). London: Sage Publications.

Hann, C. M. (1998). *Property relations: Renewing the anthropological tradition*. Cambridge, UK: Cambridge University Press.